



Specialised and Intensive Services*

MGA PAGBABAGO SA MGA SERBISYO DAHIL SA COVID-19

Ang Specialised and Intensive Services* ay patuloy na ihahatid sa mga kliyente sa panahon ng pagsiklab ng COVID-19. Gayunman, ang paraan ng paghatid ng mga serbisyo ay maaaring magbago alinsunod sa opisyal na payo sa kalusugan.

Mangyaring makipag-ugnay nang direkta ang iyong **service provider** para pag-usapan ang mga bagong kasunduang ito.

Alamin ang tungkol sa **COVID-19 at mga sintomas nito.**

Pangkalahatang-ideya

Ang Humanitarian Settlement Program (HSP) ay nagbibigay ng Specialised and Intensive Services (SIS) sa mga humanitarian entrant at iba pang karapat-dapat na mga may-hawak ng visa na may kumplikadong pangangailangan.

Ang SIS ay nag-aalok sa mga kliyente ng panandaliang suporta na batay sa pangangailangan upang matulungan silang maka-access ng angkop na karaniwang mga serbisyo at bumuo ng mga kinakailangang kasanayan upang pamahalaan ang kanilang mga pangangailangan nang hindi umaasa sa iba. Ang SIS ay inihahatid sa pamamagitan ng mga HSP Service Provider sa ngalan ng Department of Home Affairs (ang Kagawaran).

Ang mga lugar ng tanggapan ng mga HSP Service Provider at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay [makukuha dito.](#)

Pagiging karapat-dapat

Ang mga taong may hawak ng isa sa mga sumusunod na visa ay maaaring maging karapat-dapat para sa SIS:

- Refugee (subclass 200, 201, 203 at 204)
- Global Special Humanitarian (subclass 202)
- Protection (subclass 866)
- Temporary Protection (subclass 785), Temporary Humanitarian Stay (subclass 449), Temporary Humanitarian Concern (subclass 786) at Safe Haven Enterprise (subclass 790).

Ang mga may hawak ng ganitong visa ay maaaring maging karapat-dapat sa SIS nang hanggang limang taon matapos ang kanilang pagdating sa Australya, o hanggang limang taon matapos mabigyan ng kanilang karapat-dapat na visa sa bansa.

Sa mga bukod-tanging pangyayari, ang mga may-hawak ng ganitong mga visa ay maaaring maging karapat-dapat para sa SIS sa labas ng panahong (timeframe) ito o ang pagiging karapat-dapat ay maaaring palawigin sa mga may-hawak ng iba pang mga visa subclass. Ang mga Mamamayan ng Australya ay hindi karapat-dapat para sa SIS.

Ang mga taong karapat-dapat para sa SIS ay dapat magpakita ng kawalan ng kakayahan na makiugnay sa naaangkop na mga suporta at apektado ng maramihan o kumplikado na mga hadlang na maaaring kabilang ang:

- kapansanan
- mga pangangailangan sa kalusugan na malubha, kritikal, pangmatagalan at/o hindi napapamahalaan
- mga isyu sa kalusugan ng pag-iisip
- kawalan ng bahay o hindi matatag na matitirahan
- karahasan sa tahanan at pamilya
- mga problema sa kapakanan ng bata at kabataan
- pagkasira ng pamilya at/o relasyon
- pag-iisa
- kahirapan sa pera
- mga isyu sa batas

Sino ang maaaring magsangguni ng isang tao sa SIS?

Alinmang samahan o indibidwal ay maaaring magsangguni ng isang tao sa SIS. Kasama dito ang pagsangguni ng mismong sarili.

Paano isangguni ang isang tao para sa SIS

Upang isangguni ang isang tao para sa SIS, kumpletuhin lamang ang online na **SIS Referral Form**.

Kung hindi ka sigurado kung karapat-dapat ang isang tao para sa SIS, o kung kailangan mo ng tulong sa pagsagot sa form na ito, mangyaring makipag-ugnay sa enquiry line ng SIS na 1300 855 669 sa mga oras ng opisina AEST (libreng tawag sa Australya).

Kung nakararanas ka ng mga problemang teknikal sa pagkumpleto ng online form, may tulong na makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa HSP System Helpdesk habang oras ng opisina sa 1800 020 283 o pag-email sa hspsystem.helpdesk@dss.gov.au.

Kung hindi mo ma-access ang online referral form, maaari mong kumpletuhin ang isang **bersyon sa papel**.

Ano ang mangyayari pagkatapos isumite ang sumangguni

Sa sandaling matanggap ng Kagawaran ang sinagutang form, susuriin nito ang pagiging karapat-dapat ng (mga) tao na isinangguni at aabisuhan ang nagsangguni tungkol sa kinalabasan. Kung natugunan ng (mga) tao ang mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat, ang Kagawaran ay kukuha ng isang HSP Service Provider upang maghatid ng SIS sa (mga) tao.

Ang tagal ng panahon na tatanggap ang isang kliyente ng SIS ay batay sa indibidwal na pangangailangan, ngunit ito ay karaniwang aabot sa anim na buwan.